# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG HUNYO 26, 2023, LUNES, IKA-9:30 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECEIVED 11 JUL 2023 Sta. Cruz, Laguna

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RELEASED Name: Date: Time: Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 337-T2023**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG 17-T2023 NG SANGGUNIANG BARANGAY DUHAT NA HUMIHILING NA MAILIWAT ANG PROYEKTONG ROAD WIDENING NA SA HALIP NA GAWIN ANG PROYEKTO SA THIRD QUARTER AY MAGAWA SA BUWAN NG MAYO, 2023 NA MATATAGPUAN SA SITIO MATAHIMIK (NEAR UNO GAS) NA MAY HALAGANG 150,000.00 AT MAY LAPAD NA 3.5M AT 150M, BARANGAY DUHAT, SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay Duhat na may petsa Hunyo 5, 2023 na mailiiwat ang proyektong road widening sa buwan ng Mayo 2023 sa halip na sa Hulyo 2023 na may halagang P150,000.00 na matatagpuan sa sa Sitio Matahimik, Barangay Duhat, Santa Cruz, Laguna kalakip ang Program of Work ng nabanggit na proyekto;

**SAPAGKAT**, ang kahilingan ay iniliwat sa Lupon sa Pananaanalapi Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa kanilang pag-aaral;

**SAPAGKAT,** matapos ang masusing pag-aaral ng lupon ay inirekomendang pagtibayin ang Kapasiyahan Blg 17-T2023 ng Sangguniang Barangay ng Duhat.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Lea A. Almarvez (Pang. Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan); na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 17-T2023 ng Sangguniang Barangay Duhat na humihiling na mailiwat ang Proyektong Road Widening na sa halip na gawin ang Proyekto sa Third Quarter ay magawa sa buwan ng Mayo 2023 na matatagpuan sa Sitio Matahimik (near Uno Gas) na may halagang P150,000.00 at may lapad na 3.5m at 150m, Barangay Duhat, Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran at Sangguniang Barangay ng Duhat, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Hunyo 26, 2023**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: 7/10/23

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

07103332